

FILE

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 SEPTEMBER 1995, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batios	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ranulfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 024
Taong 1995

RESOLUSYONG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. GOBERNADOR RODOLFO G. VALENCIA NG MADALIANG PAGPAPALABAS NG PONDO NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN SA TANGGAPAN NG PANGLALAWIGANG INHENYERO PARA SA PAGPAPAGAWA NG KASIRAAN NG LAHAT NG KALSADANG PANLALAWIGAN SA DALAWAMPUNG BARANGAY NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang halos lahat ng provincial roads sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay malaki na ang mga kasiraang dulot ng pag-ulan at ilang pagbaha;

SRPAGKA'T sa malaking mga kasiraang ito ay naapektuhan hindi lamang ang paglabas-masok ng mga tao sa mga barangay sa pang-araw-araw na mga pangangailangan kundi higit sa lahat ay ang mga produktong papunta sa lokal na pamilihang bayan at gayundin ang sa paglabas ng bayan at ng lalawigan;

SAPAGKA'T upang hindi mabulok o masira ang mga produkto sa mga barangay, kinakailangang mailabas ito at sa ganito ay lumalaki ang gastos dahil sa double handling ng mga produkto; at

SAPAGKA'T napagkaisahan ng Sangguniang Bayan ito na ilapit ang pangangailangan sa mga kinauukulan upang mabigyan agad ng kalutasan ang hinaing ng mga mamamayan.

[Handwritten signature]

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na pinangalawahan ng lahat -

IPINASIYA tulad ng pagpapasyang ito na hilingin sa Kgg. na Gobernador ng Silangang Mindoro, Rodolfo G. Valencia ng madaliang pagpapalabas ng pondo ng Pamahalaang Panlalawigan sa Tanggapan ng Panlalawigang Inhenyero para sa pagpapagawa ng kasirean ng mga kalsadang panlalawigan sa Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng resolusyong ito sa Kgg. Rodolfo G. Valencia, Punong Lalawigan, Silangang Mindoro para sa kanyang masusing pagpapasiya.

IPINASIYA PA RIN na padalhan ng resolusyong ito ang Sangguniang Panlalawigan at ang Tanggapan ng Panglalawigang Inhenyero sa Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.


Pinagtibay ng lahat.

11 Setyembre 1995.


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


DELACIO I. YASON
Municipal Mayor